

# 1

Iginala ni Russia ang paningin sa maalikabok na kalsadang pinagbabaan sa kanya ng jeep. Wala ni isang bahay siyang namamataan at sa hitsura ng mga puno at damo, mahihinuhang matagal-tagal na panahon na mula nang may sumayad na ulan sa lugar na iyon. Karay-karay ang dalawang malalaking bagahe at isang shoulder bag, naglakad siya papunta sa waiting shed sa di-kalayuan. May natanaw siyang matandang nakapuwesto sa sira-sira nang upuang kawayan.

“Magandang hapon po, Lola,” bati niya.

Sinipat siya ng matanda matapos tumango sa kanyang pagbati.

“Itatanong ko lang po sana kung saan may masasakyan papuntang Concepcion. Mga ilang oras pa po kaya papunta d’un? Malapit po ba ’yun dito?”

“*Dili ko makasabot ug Tagalog,*” sagot ng pinagtanungan.

*Great.* “Terminal po. Uhm, Concepcion, punta.” Sinubukan niya pa ring magtanong sa pag-asang may ma-pick up ito sa sinasabi niya. Itinuro ng matanda

ang gawing kanan ng kalsada. Nagpasalamat siya at muling lumakad.

Mukhang nagagasgas na ang ilalim ng dalawang malalaking bag niyang de-gulong. Paano ay mabato ang sinasayaran ng mga iyon kanina pa. Sa totoo lang, kahapon pa niya gustong magwala sa galit. Nagbiyahe siya mag-isa. Sumakay siya ng barko, pagkatapos ay jeep—akala niya, Concepcion na ang binabaan niya, hindi pa pala.

Nasa Consolacion pa lang daw siya, ang tanging bayan na puwedeng daanan ng sasakyang panlupa para makarating ng Concepcion. May mas madali raw na paraan pero kailangang sumakay ng pump boat. Salamat na lang, pero baka mamatay siya sa takot habang sumasampa sa ganoong kaliit na sasakyang pandagat.

Naputol ang pagmumuni-muni ni Russia nang may dumaang tricycle. Pinilit niyang parahin iyon kahit na puno na ng pasahero.

“Manong, pakihatid naman ako sa terminal papuntang Concepcion.” Nagmamakaawa ang tinig niya. Sa gutom at pagod na nararamdaman, luluhod pa siya kung kinakailangan para makarating sa pakay.

“Wala pong terminal ang pa-Concepcion. Pero

puwede ko kayong ihatid doon, kaya lang po, arkila,” malakas na sabi nito para magkarinigan sila.

Para kasing sinaunang motorsiklo pa ang sinasakyan nito, maingay at masakit sa tainga ang tunog na animo tora-tora bomb na pabagsak.

“Okay lang po. Pakihatid po ako,” pagpayag niya.

*Doctor to the Barrio.* Bad decision sabi ng kanyang mga ka-batch na ngayon ay nasa mga komportable at malalaking ospital.

Ram, her fiancé agreed with the lot.

*Charity work,* anang kanyang mga magulang, ay ang paggamit daw sa talino at kakayanan para maging blessing sa kapwa.

‘Martyrdom’ was the appropriate term, kung siya ang tatanungin. Pero nang ipaliwanag ng ama at ina na kailangan niyang gawin iyon dahil sa panata, tuluyan nang lumaglag ang depensa niya.

Noong baby pa raw siya ay nalagay ang buhay niya sa bingit ng kamatayan. Pati nga raw mga doktor ay nagsabing napakaliit ng kanyang tsansang mabuhay. Subalit hindi sumuko ang mga magulang niya. Sa halip ay lumapit ang mga ito sa pinakamakapangyarihang manggagamot—ang

Panginoon.

Ipinangako umano ng mga ito na mabuhay lang siya, pag-aaralin siya bilang manggagamot para magsilbi sa mga lugar na hindi naaabot ng serbisyo ng doktor. At parang himala, gumaling nga siya.

Kaya pala nasa prep school pa lamang siya ay bini-build up na ng ina at ama na medisina ang pinakamagandang propesyon sa mundo. Bagay na kinuwestyon niya dati dahil kung doktor ang pinakamagandang propesyon, bakit sundalo ang kanyang ama at flight stewardess ang piniling trabaho ng ina?

Ang sagot ng mga magulang: *Basta!*

Ngayon, klaro na sa kanya. Sino ba ang makakapalag sa isang panata? Maaaring may pagkareklamador siya, oo, pero may takot siya sa Diyos. Pinag-awayan nila ng nobyong si Ram ang tungkol doon dahil wala itong paniniwala sa panapanata. Sa propesyon daw nila, walang ganoon.

Bawat tao raw ay nakikipagkasundo sa Diyos kapag nalalagay sa alanganin, pero hindi umano iyon dapat na binabayaran. At bakit daw sa Concepcion pa siya nagpa-assign? Mas hindi raw abot ng serbisyo ng doktor ang tuktok ng Mt. Hibok-Hibok. Matindi ang

argumentong namagitan sa kanila bago siya umalis.

It even made her question her decision about accepting Ram's marriage proposal. Bagaman kung susumahin, wala siyang dapat ipag-alangan sa lalaki. Isa itong magaling na anaesthesiologist na galing sa isang respetadong pamilya. All her college years, nobyo na niya ito. For sure, ilang araw lang, hindi makakatiis si Ram at ito pa ang unang makikipagbati. Kung papaano, hindi niya sigurado. Alam niyang walang signal at landline sa Concepcion.

Pumikit na lang siya nang itali ng driver sa may kalawang na bubong ng tricycle ang dalawang *Louis Vuitton* niyang bag. Wala siyang ideya na magiging ganito katindi ang dadanasin niya. Disin sana ay bumili na lang siya ng mumurahing bag. Still, itutuloy niya ang misyon.

Wala namang nabanggit na duration or length of stay ang panata ng mga magulang niya. Mauunawaan na siguro ng Diyos kung babalik siya sa Maynila pagkatapos ng ilang buwan. At least, kahit paano ay tinupad niya ang kanyang 'takda'.

Naalog yata ang utak at mga laman-loob niya habang nakasakay sa masikip na tricycle. Mayamaya, nagsibabaan na ang ibang pasahero kaya kahit paano ay naging mas komportable ang upo niya.

“Ano ang pakay ninyo sa Concepcion, Ma’am?”  
tanong ng magta-tricycle.

“Doktor po ako. Doon po ako nadestino,” aniya.

“Mabuti po at pinili ninyo ang Concepcion.”

“Hindi ko po pinili. Nag-draw lots po kami ng mga kasama kong doktor at Concepcion po ang nabunot ko, kaya heto ako,” paglilinaw ni Russia.

Iyon din ang sinabi niya kay Ram para i-point out na wala siyang magagawa dahil talagang iyon ang nabunot niya. Ayon sa kanyang ama, may purpose si God kung bakit sa dinami-dami ng depressed municipalities ay Concepcion ang napunta sa kalinga niya. Pinili raw siya ng Concepcion.

*Amen.*

“Gan’un po ba? Saan po kayo titira d’un?”

“Sa lodging house po. S’abi sa orientation, meron naman daw ganun d’un,” sagot niya.

Tinanong-tanong niya pa ang driver tungkol sa Concepcion. May kuryente raw sa lugar pero solar powered at mula ala una ng hapon lang hanggang hatinggabi ang supply. Maunlad na maunlad daw iyon kumpara sa Consolacion, katunayan na nga ang pagkakaroon nito ng sariling health center.

Napangiwi si Russia.

*Health Center. Not even a district hospital.*

Kalsada lang daw ang problema sa Concepcion. Pero para sa driver, maunlad na kahit ganoon.

*Sanay marahil ang mga tagarito sa wala.*

May dalawang oras din silang bumiyahe. Himalang nakaligtas ang tricycle sa mga lubak at akyatan sa bundok nang hindi nangangalas. Isang nakagiray na signboard ang nag-anunsyong papasok na sila sa matulaing bayan ng Concepcion. Narinig ni Russia ang isang malakas na pagsingaw. Napamura sa Bisaya ang driver. Bumaba ito at sinipat ang gulong. Flat daw sila.

Kumuha si Russia ng ilang daang piso at iniabot sa driver. Hila-hila muli ang bagahe, binagtas niya ang mabatong daan, reciting strings of complaints in her head. May ilang mga mata mula sa mga kabahayan na ang takang nakatunghay sa kanya habang naglalakad siya. Wala pa siyang nakikitang mukhang lodging house. Subalit nang makita niya ang isang tila kainan, pumasok siya roon at nagtanong.

“Magandang hapon po,” magalang na bati niya sa mga nakaumpok na lalaki sa isang mesa.

Walang lumingon ni isa sa mga ito at patuloy lang sa pagtatawanan habang kaharap ang isang kuwatrokantos. Hindi pala iyon kainan—inuman malamang.

“Excuse me,” tawag niya sa lalaking papalabas ng counter. Hindi iyon lumingon at tuluyang nawala sa likod ng screen door.

*Mga bingi ba ang tao dito? nagsisimula nang mainis na tanong ni Russia sa sarili. Tirik pa ang araw, alak na ang kaharap. No wonder, wala silang asenso.*

“Excuse me! May tao po,” medyo malakas nang sabi ng dalaga.

Parang eksena sa pelikula na sabay-sabay na namatay ang tawanan sa mesa at lumingon sa kanya ang lahat. Hindi niya namalayang nakabalik na uli sa counter ang taong kanina ay lumabas at ngayon ay nagpupunas na ng platito.

Pinilit niyang ngumiti at nagpakilala.

“Ako po si Russia Laudel, isa akong doktor na dito na magtatrabaho mula ngayon.” Kumunot ang noo ng lalaki sa counter at napatingin ito sa kanya. “Saan po ba dito ang pinakamalapit na lodging house?”

Sa mga nasa mesa niya ipinatungkol ang tanong. Tatlo sa mga lalaki ang nagturo sa sahig.



“Ito po? Lodging house po ’to?” hindi makapaniwalang kumpirma niya.

*God forbid!*

She was hoping for a better accommodation. Iyong tahimik, mabango, maganda. Hindi kagaya nito na kanugnog na ng inuman ay gloomy pa! Tumango ang mga nasa mesa na animo synchronized swimmers sa pagkakasabay-sabay.

“Okay. Saan pa po may ibang lodging house?” Nakuha niya pa ring ngumiti uli habang sinasabi iyon, emphasizing the word *ibang*.

*Surely, meron pang iba?*

Sa pangalawang pagkakataon, itinuro ng mga lalaki ang sahig. Unti-unting nawala ang ngiti niya. Noon niya binalingan ang tao sa likod ng counter na naglalagay ng chichiria sa platito.

“Kuya, ito lang po ba ang lodging house dito sa buong Concepcion? As in?” tanong niya muli.

Tumango ito nang hindi siya tinitingnan mula sa pagkakayuko. Narinig ni Russia ang pigil na hagikgikan ng mga lalaki sa mesa, para bang nanonood ng shooting ng telenovela. Inignora niya ang mga ito.

“Magkano po ang renta kung buwanan?”

“Four thousand,” sagot ng lalaki sabay talikod at abot sa lalagyan ng suka.

Napatanga siya. Akala niya, pag probinsiya, mas mura lahat.

“Ano? Ang mahal naman ’ata. Pakitawag naman po ang may-ari nito para makausap ko.” *For this dreadful place, four thousand?* gusto niyang idagdag. Kahit ipinanganak siyang mayaman, masinop siya sa pera. Dapat worth it lahat ng pagkakagagastusan dahil ang pera, hindi napupulot sa kalsada.

Ang lakas naman ng loob nilang maningil ng apat na libo para sa isang lugar na mukhang pang-five hundred lang. Saka pa lamang lubusang humarap sa kanya ang lalaki at sinalubong ang kanyang tingin. Nakalimutan ni Russia ang binubuong komento nang tumayo ang kaharap at makita niya nang mas malinaw ang anyo nito. Deep-set eyes at matangos na ilong ang agad niyang napansin.

*God, he’s handsome.*

T-shirt na ginupit ang manggas at washed maong pants ang suot nito.

*Sobrang guwapo para sa isang serbidor, sa sarili*

ay muling sabi ni Russia.

Tiningnan siya saglit ng lalaki bago kinambatan ang isang nakaupo sa mesa. “Mang Noli, pakitawag daw ang may-ari nito,” utos ng lalaki sabay labas sa counter, mukhang iritado. He disappeared behind the door.

Tumalima naman ang tinawag na Noli makaraang lumagok ng gin. May binuksan itong pinto malapit sa gilid ng kainan at sumigaw.

“Jake, may customer ka!”

“Andiyan na, saglit lang,” sagot ng kung sinuman sa loob. Kapagdaka ay sumulpot uli ang lalaking kausap niya kanina sa counter.

“Ano po ’yun?” seryoso ang mukha na tanong ng lalaki.

Namutla siya habang naghagalpakan ang mga lalaki sa mesa.

“P-paanong—” naguguluhang sambit ng dalaga.

“Hinahanap mo ang may-ari, di ba? Ako ’yun,” putol ng kausap.

“Eh, ikaw din iyong kausap kong serbidor dito kanina sa counter, ah.”

“Oo. Ako rin ’yun,” agap ng lalaki.

Tawanan na naman ang mga nasa mesa.

Namula na siya nang todo sa pagkapahiya. Tinawag pa niyang serbidor ang may-ari! At higit sa lahat, narinig ng lalaki ang disgusto niya sa lodging house na pag-aari nito. At ngayon, wala palang ibang accommodation kundi ito lang din.

“S-sorry. Hindi ko alam. A-akala ko—” Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil nagsalita si Mang Noli.

“Pasensya na, Doktora, lambing lang namin ’yun. Walang pikunan. ’Yang si Jake ang may-ari nitong bistro at lodging house. Ito lang po ang nag-iisang lodging house sa buong Concepcion. Saan po ba kayo galing, Dok?”

“M-Maynila po.”

“Welcome sa Barangay Concepcion,” nakangiting sabi pa ng matanda sabay taas ng isang basong may lamang alak.

“Tagayan mo si Dok,” untag ng katabi ni Mang Noli.

Nataranta siya sa pagtangga. “Naku, hindi na po. Salamat na lang,” aniya habang nakatingin sa baso.

*Sa dami ng kamay at bibig na dumampi diyan...*

Nahagip ng mata niya na parang supil-supil ni Jake ang isang ngiti. Ngunit pagharap niya rito, pormal na ang anyo nito.

“Kukunin mo sa four thousand o hindi?” anito.

“S-sige,” parang maamong tupang sagot niya.

Kumilos ang lalaki at hinila ang dalawang bagahe niya na parang kaing lang ng mangga.

“P-pakiingatan naman ang bag. Mahal pa ’yan kaysa sa motorsiklo,” aniya.

“Bakit, anong klaseng bag ba ang mas mahal pa sa motorsiklo?” walang ngiting tanong nito.

Nakatingin uli sa kanila ang mga nag-iinom at halatang interesadong malaman kung ano ang isasagot niya.

“*LV*. Yang mga hawak mo mismo,” pormal niyang sagot.

“*LV*,” ulit ni Jake.

Parang epidemya na umugong din sa mesa nina Noli ang mga letrang ‘*LV*’. Mangani-ngani na niyang irapan ang mga ito subalit nagpigil siya. Kung mga *ignoramus* o pilosopo lang talaga ang mga lalaki, she

was not sure.

Sumunod na lang siya sa ibinukas ni Jake na gate. Nakita niyang malawak pa pala ang likuran ng lugar. May dalawang bungalow na nakatirik doon. Sa isang gawa sa pinaghalong semento, ipil-ipil at nipa dumerecho ang lalaki. Pinasan nito ang mga bag habang papaakyat sila sa tatlong palapag na hagdang kahoy. Nabatubalani si Russia kung gaano ka-effortless na binuhat ni Jake ang mga bag.

*He has superb strength and it comes with a great package, naisip niya habang pinagmamasdan ang perpekto nitong pangangatawan.*

“Walang *NAWASA* dito. Mag-iigib ka diyan sa balon para makapaligo. Ingatan mo lang na matuluan ng sabon o dumi dahil diyan din galing ang inumin,” paliwanag ng lalaki na pumutol sa kanyang masusing pag-aaral sa physique nito.

*Goodness, wishing well lang ang alam ko. Ano kaya ang hitsura ng balon na sinasabi ni Jake na kukunan ko ng paligo at pati inumin? For Pete’s sake, magpapakulo pa pala ako para makainom.*

She’d rather die than drink something unsafe. Nakikini-kinita na niya ang mga bacteria at parasite na pupuwedeng lumalangoy ngayon sa tubig,

waiting for something to prey on. Russia shuddered at the thought habang itinuturo ng lalaki ang mga kuwarto, banyo at kusina. Kaya pala four thousand. Buong bahay na iyon, at in fairness, well-furnished at maayos.

She was staring at him again and this time he caught her. Lumalim ang kunot nito sa noo, para bang nakahalata, that she was not paying too much attention to what he was saying. Nakaisip siya ng palusot.

“Salamat. By the way, ako nga pala si Russia,” aniya sabay lahad ng kamay. Tila hindi nito inaasahan ang pormal niyang pagpapakilala.

“Alam ko,” sagot nito at mabilis siyang kinamayan na para bang gusto nang umalis.

“Alam mo?” takang tanong niya.

“Di ba nga, nagpakilala ka na kanina sa lahat? Sabi mo, ikaw si Russia Laudel, isang doktor na dito na magtatrabaho mula ngayon.” Inulit nito ang saktong sinabi niya.

Itinawa na lang niya ang pagkapahiya.

*Lame excuse, Russia, sita niya sa sarili.*

Kasalanan ba niya ang mapatanga rito? He was

sinfully handsome, she could not help but gape at him. She stupidly pondered kung pagtataksil na bang matatawag iyong ma-attract sa ibang lalaki kapag nakatakda nang ikasal. Wala pang isang oras mula nang magkakilala sila pero tiyak na ni Russia, Jake was her type.

“Oo nga pala, I forgot,” anang dalaga nang anyong tatalikod na si Jake. “Uhm, kasi, gutom na talaga ako. P’wedeng dalhan mo ako ng makakain dito?” kaswal niyang sabi bagaman tinamisan niya kaysa karaniwan ang kanyang ngiti. It worked all the time. Kandarapa noon ang mga kaklase niyang lalaki sa pag-uunahan para bigyan siya ng pabor, mangitian lang niya. Alam ni Russia na hindi lang siya maganda, mahirap din siyang tanggihan pag nakiusap na.

Pero imbis na magkumahog, hindi natinag sa kinatatayuan si Jake.

“Hindi kasama ang pagkain sa four thousand. Pag magpapaluto ka, per meal ang charge,” sagot nito.

*Oh.* “I see. Okay lang sa akin ang gan’ung set-up. Anyway, hindi ako magtatagal dito sa Concepcion,” deklara niya.

Tila ba may gumuhit na kung anong inis sa mga mata ni Jake nang marinig ang sinabi niya, ni hindi



*Lovingly Yours - Marianna Ruiz*

---

siya tinapunan ng tingin bago tumalikod.

*Inano ko ba siya? takang tanong niya sa sarili.  
Whatever, you are excused for now dahil cute ka.  
Nakangiting tinitigan ng dalaga ang papaalis na  
lalaki.*

## 2

Napasimangot si Jake mula sa counter nang mamataan ang bagong boarder.

*Isa na namang bagitong doktor na nangangailangan ng experience.* Wala na bang matinong doktor na maipapadala ang gobyerno sa lugar nila? Parating mga kagaya nitong bata, immature, maaarte at hindi pang-masa.

Hindi ba puwedeng iyong mas may puso at sanay sa hirap ang ma-assign sa Concepcion? Iyong talagang may layuning makatulong at hindi ginagawang stepping stone ang health center nila para sa mas malaking oportunidad sa lungsod.

Napatiim-bagang na lang si Jake nang muling maalala ang nakaraan na siyang nagpabago sa pananaw niya sa mga kagaya ni Russia at ang kabiguan sa pag-ibig na dinanas niya mula rin sa isang doktor na na-assign sa Concepcion.

*At ang Russia na 'to ay hindi nalalayo sa ibang doktor na dumaan. O kay Arlene na agad sinunggaban ang mas malaking sahod sa ibang lugar. Ni hindi pa nga nalulubugan ng araw sa Concepcion, nagsabi na*

*agad na hindi daw siya magtatagal doon. At talagang nakataas-noo pa nang sabihin iyon! Hindi man lang nagpaka-tactful kahit kaunti.*

“Papasok na ako,” paalam ni Russia. Tango lang ang sagot ng binata sabay balik ng pansin sa ginagawa.

---

Pangalawang araw na ni Russia ngayon sa Concepcion. Lahat ay mabait at maganda ang pakita sa kanya, so far. Bukod tanging si Jake lang ang not-so-friendly. Isang tanong isang sagot kapag kinakausap niya. Hindi niya tuloy maiwasang maisip kung konektado pa ba sa panlalait niya sa lodging house ng lalaki ang kasungitan nito sa kanya. Anuman ang dahilan, wala siyang masyadong time para isipin iyon dahil sobrang busy niya.

Nag-courtesy call siya sa mga lider ng bayan kahapon. Inikot pa siya ng mayor sa mga purok at mahahalagang istruktura diumano sa Concepcion. Ang suma, ang tinutukoy pala ni Mayor ay ang plaza, simbahan, municipal hall at parola. Napaka-uneventful at disappointing para sa kanya. Take note, lakad lang lahat ng iyon dahil sira daw ang service na multicab ng lugar. Hindi naman niya ma-take na nakaangkas siya sa motor ni Mayor samantalang

naglalakad sa likuran ang mga may-edad na kagawad.

Buo na ang desisyon niya kagabi pa, hanggang dalawang buwan lang siya rito. No more, no less. Hindi niya kayang magtagal. She was literally stripped off of wealth and comfort in this place. Naninigas na agad ang kalamnan niya sa braso dahil sa pag-igib sa God-knows-how-deep na balon. Dagdagan pa ng araw-araw na lakaran sa ilalim ng sikat ng araw para makarating sa health center. *Oh please!*

Sinalubong siya ng ilang mga bata habang papalabas siya sa bistro. Madudungis at karamihan ay sira ang ngipin at payat. Napabayaan, pinabayaan o ano pa man, the thing was, malala ang health status ng mga bata sa Concepcion.

“O, mga bata, sumunod kayo sa ’kin sa clinic, ha? Tuturuan ko kayo ng tamang pangangalaga sa katawan.” Pilit niyang pinasigla ang tinig.

*At isama n’yo na rin ang inyong mga magulang para masermunan ko sila kung bakit inanak-anak kayo, ’tapos pababayaan din lang.*

Kung puwede lang sabihin, malamang sinabi na niya iyon. Ngiti ang sagot ng mga bata sa kanya.

“Ako po, Dok, may sugat,” anang isang batang babae sabay pakita ng kamay na marumi na, may

sugat pa.

Yumuko siya at sinipat ang sugat. “Naku, dapat malinis agad natin ito. Halika sa clinic.” Hinawakan niya sa kamay ang bata at inakay sa direksyon ng health center.

Natukso siyang lingunin si Jake. Kahit kasi may pagka-distant ang lalaki, she maintained that he was one of the cutest guys she’d ever laid eyes on. Maraming guwapo sa medical school, pero kung pagdadamitin ng pang-intern si Jake, mauungusan nito ang iba sa mga iyon kung mukha at tindig lang din ang batayan.

Nagpupunas ang binata ng mesa sa bistro at bahagyang nag-angat ito ng ulo. She dared smile at him. Namula si Russia nang hindi gumanti ng ngiti ang lalaki. Imbis ay patay-malisiya itong nagpatuloy sa ginagawa.

*Bakla ba siya o talagang suplado lang?*

Kataka-taka ang ikinikilos nito para sa kanya. Ito lang ang lalaking nang-isnab sa ganda niya. Ligawin siya at stand-out sa crowd mula pa noon. Wala pang nakapagsabi sa kanya na hindi siya maganda in her twenty-seven years of existence.

Ilang talent scouts ba ang matiyagang nag-abang

at nagpumilit na kunin siyang artista mula noong high school siya at kahit noong nasa medical school na siya?

Na-challenge tuloy siyang bigla to win Jake's attention. Parang feel niya kung magustuhan siya nito. She didn't believe that Jake didn't find her pretty at all.

“Good morning, Dok,” bati ng mga dinatnan niya sa clinic.

May dalawa siyang barangay health workers na kasama roon. Dati diumano, may midwife at doktor na nagdu-duty, pero hindi nakatiis sa liit ng sahod at nag-resign. Sabagay, hindi niya masisisi ang mga ito. She herself would be out here in two months.

Matapos niyang asikasuhin ang batang may sugat, hindi na natigil sa pagtatrabaho si Russia. Tambak ang pasyenteng nagpapa-check up. Kumalat na ang balitang may doktor na uli sa Concepcion kaya maging mga kanugnog-bayan ay nagsipagsadya sa health center para sa libreng serbisyo. Sari-sari ang kasong naengkuwentro niya. Merong magpapa-prenatal, nakagat ng aso, may sumasakit ang tiyan, nasunog ang mukha, etcetera. Kulang na nga lang may magpabunot ng ngipin sa kanya at magpaopera. Hindi rin sapat ang gamit sa center, mabuti na lang

at may dala siyang personal na supply.

“Dok, ala una na po, hindi po ba tayo magla-lunch break?” nahihiyang paalala ng isang health worker.

“Sige po, Ate Norma, umuwi na kayo at kumain. Maiwan na lang po ako dito,” sagot niya habang nagsusulat ng reseta.

Nalipasan na siya ng gutom at narinig niya sa usapan ng mga pasyente na ang iba ay uuwi pa sa mga karatig na isla. Nakakakonsyensya naman na abutin ang mga ito ng dilim sa dagat dahil kumain pa siya. Lubog na ang araw nang maubos ang pila. Wala siyang tanghalian maliban sa tubig na lasang kalawang pa rin matapos niyang pakuluan sa uling, na kulang-kulang kalahating boteng gas na yata ang naibuhos niya bago umapoy. Pagdating sa lodging house, hindi na niya nagawang maligo sa pagod. Dali-dali siyang kumain ng biskwit at natulog.

Kinaumagahan, dagsa uli ang mga pasyente. Ayon sa kagawad na dumaan sa clinic, nasiyahan ang mga pasyente sa serbisyo niya at usap-usapan na hindi lang mabait at magaling ang doktorang naka-assign sa Concepcion, maganda pa.

“Naks, baka po lumaki ang ulo ko n’yan, Kagawad

Buena. Pero salamat po kung gan'un ang feedback," aniya sabay tawag sa susunod na pasyente.

"Kitang-kita naman ng lahat ang pagsisikap mo, Doktora," dagdag pa nito.

"Naku, Kagawad, sinabi n'yo pa. Hindi nga po 'yan nakakain si Dok kahapon. Inuna niya ang mga pasyente," susog ni Norma.

"Gan'un ba? Pasensya na at hindi ko alam. Hindi bale at padadalhan kita ng pagkain dito tuwing ganito katambak ang pasyente mo, Dok."

"Hindi n'yo po kailangang gawin 'yan, Kagawad. Magdadala na lang po ako ng baon next time," magalang na tanggi niya.

Nakita niya kasi ang sitwasyon sa bahay ng kagawad noong courtesy call. Halatang hirap din ito sa buhay. Mabigat na masyado kung pati siya, makikihati pa sa pagkain ng pamilya nito. Hindi rin nararapat na ipa-shoulder sa municipal fund ang pagkain niya dahil may meal allowance nang kasama ang monthly salary niya.

Ang mahirap lang sa Concepcion, kahit may pera ka pa, wala ka namang mabibili.

---



Madami-dami ngayon kaysa karaniwan ang umiinom at nakatambay sa bistro ni Jake. Uwian kasi ng mga mangingisdang dumadayo sa kung saan pang mga lugar.

“Jake, balita ko, dito nagrerenta iyong magandang doktora, ah,” makahulugan ang ngiting sabi ng isang nakakalbong lalaki habang namumulutan ng noodles.

“Ayan na naman kayo, Manong Pags. Wala talaga kayong kasawa-sawa sa pagpareha sa akin,” naiiling na tugon ni Jake.

Si Manong Pags ay hindi niya kadugo pero parang pamangkin siya kung ituring nito.

“Paano, minsan ka lang nabigo, hindi ka na sumubok muli. Huwag kang papatay-patay ngayon, hoy. Baka maunahan ka ng iba.”

“Hayaan n’yo sila, kanilang-kanila na. Isa pa, hindi ko tipo ang doktorang ’yan,” walang ngiting sagot niya.

“Ano’ng problema?” takang tanong ng kausap.

“Maganda na, doktora pa. Palabati at mabait daw, sabi ng lahat.”

“Mabait? Paano nila nasabi agad na mabait, ilang araw pa lang siya dito?” napapakumpas na sagot

niya sabay hagnosis ng lighter sa kaha.

“Paano mo naman nasabing hindi talaga siya mabait, eh, ilang araw pa nga lang din talaga siya rito?” buwelta ng lalaki.

“Nagpapakitang-tao lang ’yan. Sinabi niya sa akin noong pagdating niya na hindi siya magtatagal dito. Hindi na ako nagulat. Sa arte niya, hindi niya kakayanin ang buhay sa baryo kagaya nito. Ano pa ba ang bago? Pare-pareho lang ang mga ’yan,” litanya niya, biglang naalala muli kung papaanong bigla na lang umalis si Arlene kahit wala naman silang pinagtalunan.

Nag-iwan lang ito ng sulat na nagsasabing lilipat ito sa isang totoong ospital at tapusin na lang nila ang anumang mayroon sa kanilang dalawa.

“Hindi naman siguro. Kahit ako, kung may pagkakataon lang, lalayanan ko talaga ang kahirapan ng Concepcion. Siya pa kaya na laki sa ginhawa? Pero malay mo, mapamahal sa kanya ang Concepcion. Iba-iba naman ang tao,” pagtatanggol ni Manong Pags.

Napatawa siya nang hungkag. “Ewan ko sa ’yo, Manong Pags. Ang mga tipong ganyan, hindi marunong magmahal. Sarili lang nila ang mahalaga sa kanila,” dagdag pa niya.

“Parating si Dok!” anunsyo ni Mang Noli.

Hindi natuloy si Manong Pags sa gagawin sanang pagkontra sa kanya. Lahat sila ay napatingin sa inginuso ni Mang Noli.

Hindi na talaga natiis ni Russia ang gutom kaya siya umuwi. Medyo nahihilo na siya lalo na at maalinsangan ang panahon. Minor cases na lang naman ang natitira sa clinic. Nangako siyang kakain nang mabilis.

“Hello, Dok,” panabay na bati ng mga nasa bistro.

“Hello din po sa lahat,” nakangiti niyang sabi at umupo sa tapat ng counter. “Jake, favor, ano’ng pinakamabilis na lunch ang p’wede mong ipahanda?” tanong ng dalaga. “Kailangan kong makabalik agad sa center, eh.” Hindi niya na-anticipate na magiging ganito kahirap kahit sa pagkain. Sana ay nagdala siya ng pang-stock na instant foods.

“Sardinas,” tipid na sagot ni Jake. Pinanood niya kung sisimangot ang dalaga dahil sa ulam pero ngumiti ito.

“Great. Na-miss ko ang sardinas, ah. Sige, ’tapos, dalawang rice,” sagot nito.

Lumabas siya at pagbalik ay may dala nang

kutsara at tinidor, kanin at ulam sa mangkok.

“Adobo? Wow! Akala ko ba sardinas?” natutuwang sabi ng dalaga na walang kiyemeng sumubo agad pagkalapag niya sa pagkain. Doon na ito sa tapat ng counter kumain dahil wala nang bakanteng mesa.

“Akala ko kasi, wala nang adobo,” pagsisinungaling ni Jake. Parang wala nang bukas ang bilis ng pagsubo at pagnguya ng babae.

“Kelan pa ba ang huli mong kain?” nakasimangot niyang tanong. Imbis na magalit ay parang hindi nito inintindi ang binitiwang niyang salita.

“Last day?” tanong-sagot nito sabay salin ng tubig sa nakitang pitsel.

“Huwag ’yan, may malamig sa loob. Saglit lang,” pigil niya, hindi alam kung bakit bigla siyang nagkaroon ng kapirasong awa kay Russia.

Ang alam niya ay kahapon pa ang huling beses na nagpaluto ito ng pagkain. Akala naman niya, sa clinic kumakain ang doktora kaya hindi na uli nagpaluto.

*Luka-luka ba siya para magpagutom?*

“Salamat. Sarap,” sinserong papuri nito matapos uminom ng tubig.

Naglabas ito ng pera at iniabot sa kanya. “Pakisabi sa cook mo, ang sarap niyang magluto, as in!” sabi pa nito.

Natigilan siya sa pagbibilang ng isusukli at sa unang pagkakataon ay napangiti sa dalaga. “Pangkaraniwan lang namang ulam ang mga ’yan at hindi espesyal.” Inabot na niya ang sukli.

“Oo, pero sobrang pasok ang timpla. Parang pang-restaurant. Wait, magkano ang idadagdag ko kung board and lodging? Wala kasi akong time magluto. Bukod sa hindi naman talaga ako marunong gaano.”

“One thousand. Pero ipapaalala ko lang, walang pilian sa ulam. Kung ano’ng meron, ’yun na ’yun. Walang palengke dito,” sagot niya.

“Sure! ’Bye, Jake, salamat sa masarap na meal,” paalam nito bago nagmamadaling umalis.

Sinundan ni Jake ng tingin ang babae. Naramdaman niya ang mahinang suntok sa kanyang braso.

“Yan ba ang sinasabi mong kanilang-kanila na?” tukso ni Manong Pags.

“Hay naku, Manong Pags, bahala ka diyan sa trip

mo. Basta ang alam ko, malabong mangyari 'yang iniisip mo sa 'kin," deklara ni Jake.

Hindi dahil nakikipag-usap na siya kay Russia ay magiging magkaibigan na sila.

*Business lang ang dahilan, wala nang iba. Wala akong pakialam kahit ubod pa siya ng ganda, sabi pa ni Jake sa sarili.*

# 3

It felt like she'd conquered the world when Jake *really* talked to her for the first time. Hindi man 'personal' ang naging takbo ng usapan nila, at least, napaimik niya ito. Hindi niya natiis na tanungin ang dalawang kasamang health workers ng tungkol sa binata.

“Mabait iyong si Jake, Dok. Palaki ng istriktong ama at makalumang lola. Kaya hindi siya talaga palakuwento,” ani Aling Eva na kaibigan daw ng nasirang lola ng binata.

“Parang sa akin lang po siya hindi nakikipag-usap gaano, eh,” komento niya.

Sabay na naghagikgikan ang dalawa.

“Naku, hindi po kasi maganda ang karanasan niya sa mga kagaya mo, Dok. Mahabang istorya,” ani Aling Norma.

“Huwag naman niya akong husgahan agad. Hay, napakamistryoso niyang tao. Parang mag-isa nga lang siya sa bahay,” napapailing na sagot ng dalaga habang nililinis ang mga thermometer sa lalagyan.

“Ang mama niya, namatay noong labindalawang

taon pa lang siya dahil sa sakit sa puso. 'Yung tatay niya, Muslim. Nagpa-convert si Elvira sa Islam para mapakasalan ng tatay ni Jake, pero hindi niya kinaya ang tradisyon lalo na nang malaman niyang second wife na pala siya at n'ung mag-asawa pa uli ng pangatlo si Hasan. Kaya nakipaghiwalay si Elvira at umuwi dito sa Concepcion dala ang limang taong gulang pa lang 'ata noon na si Jake," dagdag pa ni Aling Eva.

"Tbig pong sabihin, Muslim si Jake?" interesado niyang tanong.

"Hindi po. Sa Kristiyanong pamamaraan siya pinalaki ni Elvira kaya nga galit na galit daw si Hasan n'ung kunin si Jake pagkamatay ni Elvira dahil walang bakas ng pagka-Muslim sa kanya," patuloy ni Aling Eva.

Isinama daw ng ama si Jake sa Mindanao at doon pinag-aral ng high school at kolehiyo. Pagkatapos mag-aral ay hindi daw ito nagpapigil at umuwi agad sa Concepcion para makasama ang lola.

"Pero saan na po ngayon ang tatay at lola niya?" patuloy niyang usisa.

"Naku, Dok, sa Mindanao nakabase ang ama ni Jake. Isang beses lang 'ata nakadalaw dito sa loob ng



ilang taon. Ang lola niya, kamamatay lang,” singit ni Aling Norma.

May dumating na pasyente kaya naputol na doon ang usapan tungkol sa binata. Somehow, malaki ang naitulong ng impormasyong kanyang nalaman para i-extend pa ang pisi ng kanyang pang-unawa kay Jake. Kaya marahil ito aloof dahil sa sigalot ng pamilyang pinagmulan nito. If anything, it fuelled up her excitement even more.

*Jake is in every way, interesting. A very handsome challenge who could spice up my ultra monotonous life here in Concepcion. And she was determined to charm her way to him.*

---

Pag-uwi ni Russia sa bahay bandang alas cinco y media, may nakalapag nang pagkain sa mesa. Mainit-init pa iyon. Kanin, sinigang na talakitok at saging na hinog. Parang natakam siyang bigla. Iyon ang klase ng pagkain na nati-take for granted niya sa Maynila at biglang na-appreciate niya ngayon dito.

Pagkatapos kumain at maligo, umupo siya sa balkonahe ng bahay dala ang prescription pad at ballpen. Sulat lang pala talaga ang paraan para makumusta niya ang mga magulang.

Ipapadala niya ang sulat kay Aling Eva na pupunta sa makalawa ng Carmen, ang pinakamaunlad na bayan sa probinsyang iyon. Doon dumaong ang sinasakyan niyang barko mula Maynila. May fast food chains at ilang shopping centers sa Carmen.

Pero naiisip pa lang niya ang anim na oras na biyahe papunta roon at ang sobrang pangit na daan, parang natatamad na siya, even if it meant visiting civilization for a while.

Pangungumusta at sangkatutak na reklamo tungkol sa kapobrehan ng lugar na kanyang kinaroroonan ang isinulat niya sa mga magulang. Sinabi niya rin kung gaano niya ka-miss ang ice cream, cheeseburger at rootbeer float. Hindi pa siya natatapos nang may humahangos na pumasok sa gate.

“Doktora, tulong po! Dok!” tawag ng isang may edad na babae. Umiiyak ito kasunod ang isang lalaki. Naka-shorts lang siya at baby tee na pang-itaas nang harapin niya ang mga ito.

“Bakit po, 'Nay?” kunot-noong tanong niya.

Hindi magkandaugaga ang babae sa pagpapaliwanag.

“K-kaninang tanghali pa po pumutok ang ano...

iyong panubigan ng anak ko, pero hindi pa po lumalabas ang baby hanggang ngayon.”

“Po? Bakit po hindi n’yo siya dinala sa center agad?”

“K-kasi po may hilot naman na nag-aasikaso sa kanya. Kaso mukhang hindi na kaya. Madaming dugo na ang lumabas,” kuwento ng matanda habang sige ang pagpatak ng luha.

“Nas’an po siya ngayon?”

“Sa karatig isla po ng Managat,” sagot ng lalaki.

Napamulagat si Russia.

“Bakit po hindi n’yo pa isinama dito?” *These people are unbelievable! Emergency, iniwan ang pasyente?*

“Mahina na po siya, eh. Kaya sana, Dok, sumama na lang po kayo papunta sa amin. Tulungan n’yo po ang asawa ko. Maliliit pa po ang ibang anak namin,” pagmamakaawa ng lalaki.

Parang binibiyak ang kalooban na nagmamadaling kumuha si Russia ng mga kakailanganing gamit. Dahil wala nang oras, hindi na siya nakapagbihis. Takang sinundan sila ng tingin ng mga tao sa bistro, kasama na roon si Jake.

“Tsk, tsk. Mga taga-Managat ’yung kumaon kay Dok. Baka may agaw-buhay,” komento ni Manong Pags.

“Naka! Tiyak papapakin ng mga nikip at insektong buhangin si Dok sa suot niyang ’yun. Napapaligiran pa naman ng bakawan ang Isla Managat. Sayang ang pagkagaganda niyang binti,” sabat ni Mang Noli.

“Pasuot-suot siya ng maikli, eh,” walang ngiting sabi ni Jake sabay lapag ng mga baso sa mesa.

*Ano ba namang babae ’yun? Hindi niya ba naisip kung ano ang pupuntahan niya?*

Sinita ni Jake ang sarili. Wala na siya roon sa isang banda. Pero nakakaawa ang doktora kung susuong na wala man lang pananggalang na kahit ano. Napabuntong-hininga siya, napahinuhod ng isang parte ng kanyang isip na nagsasabing samahan niya ang dalaga. Kinuha niya sa loob ng bahay ang isang jacket at bote ng likido na ginagamit ng kanyang lola para itaboy ang mga insekto. Mabilis na lumabas siya ng bistro para sumunod kay Russia.

Malutong na nag-high five sina Mang Noli at Mang Pags nang mapansin ang pagkukumahog niya.

Abot-abot naman ang kaba ni Russia nang makita

ang pump boat na nakadaong sa buhanginan. Di ba kamakailan lang, sumumpa siyang hindi sasakay roon kailanman? Di yata't lulunukin niya ang takot ngayon.

“Manong, lulutang po itong bangka n’yo?” paniniguro niya sa lalaki habang inaalalayan siya nitong sumakay.

“Opo, Dok. Pinakamabilis po ito sa Managat,” sagot ng mama.

Out of nowhere, dumating si Jake. Like a knight in shining armor. Kahit walang ngiting iniabot nito sa kanya ang langis na ipahid daw niya sa kanyang binti at braso para hindi siya kagatin ng mga insekto sa Managat, na-touch pa rin si Russia from head to toe. He even declared he was coming with them, much to her surprise.

Anuman iyon na nakain nito, praise God.

Suddenly, ang tapang na ni Russia. Kahit bumagyo pa, pakiramdam niya, masusuong niya. With respect to the boat, it did float, sa pasasalamat ng dalaga. At dahil nga hataw ang takbo nila, natitilamsikan sila ng alon kahit payapa naman ang dagat.

Napapitlag siya nang iduldol ni Jake sa kanya ang dala nitong jacket. Narcissistic that she was,

pakiramdam niya, siya na ang pinakamaganda sa balat ng universe.

*Inaasikaso ako ni Jake!*

It would have been nicer if he would sit beside her. Pero nanatili si Jake sa tabi ng bangkero para tulungan itong imaniobra ang sasakyan. Isang oras din ang itinakbo nila. Ngalay si Russia nang makababa ng pump boat. Pero walang panahon para mag-linger siya sa kanyang personal na isyu. Bumabaon na at lahat ang *Hawaiians* niyang tsinelas sa buhanginan, lakad-takbo pa rin sila in the hope of reaching the patient in time.

Sa wakas ay sumapit sila sa isang bahay na yari sa pawid at kawayan. Nag-iiyakan ang dalawang batang babae sa hagdan nang dumating sila. Agad na tiningnan ni Russia ang nanganganak at nagpokus dito. Sa sinag ng ilawang de-gaas, naaninag niyang maputla na ito. Kinapa niya ang pulso ng babae at halos kaunti na lang ang pitik niyon.

“Flashlight o mas maliwanag na ilaw, please,” utos niya.

Hindi pa niya nagawang magdasal nang ganito katindi sa pagnanasang makahanap siya ng ugat para maisalba ang babae sa tiyak na kamatayan. Mabuti

na lang at dininig ng Diyos ang kanyang pagsamo. Dalawang linya ng dextrose ang kanyang ikinabit. Pagkatapos ay nagpalit siya ng gloves para paanakin ang ina. Nakapulupot pala ang sariling pusod ng baby sa leeg nito kaya hindi makalabas. Tila ba nabibigti ang bata sa bawat pag-ire ng ina kaya nanghina na pareho. Ilang segundo rin ang lumipas bago niya napaiyak ang sanggol.

Napalitan ng tuwa ang nerbyos ng ama at lola. Ang dalawa ang nagpunas at nagdamit sa bata matapos niyang putulin ang pusod nito. Si Jake naman ay tumulong sa kanya na ayusin ang nanganak.

“Ate, kailangan ko po kayong ibaba sa center at ang baby n’yo para makasiguro tayo. Marami pong nawalang dugo. Kung kinakailangan, dadalhin ko kayo sa totoong ospital para masalinan kayo,” ani Russia habang inaasikaso ang ginang.

“W-wala po kaming pera, Dok. M-mangingisda lang po a-ang asawa ko,” marahang paliwanag nito.

“Huwag po kayong mag-alala, mura lang naman sa pampublikong ospital. Magagawan natin ’yan ng paraan, tutulungan ko kayo. Sige na, Misis, ngayong gabi rin, kailangang maisama ko kayo,” pangungumbinsi niya.

Napipilitan man, sumunod sa gusto niya ang mga ito. Naghanap ng mas malaking pump boat sina Jake at Mang Anto kahit dis-oras na ng gabi.

She was thankful for Jake's presence. Things were easier because of him. Resourceful si Jake at halatang maraming alam sa buhay.

Nakaupo si Russia sa papag nang lumapit sa kanya ang diumano ay panganay na anak ng mag-asawa.

“Salamat po sa pagliligtas n’yo sa Inay at kapatid ko,” anito. Nasinagan ng katabing lampara ang mukha ng batang babae at nakita niyang tumulo ang luha nito.

“Walang anuman, 'Neng,” sagot niya sabay haplos sa likod ng bata. Nakita niya ang pangamba sa mga ito kanina habang nakaupo sa hagdananan, naghihintay ng tutulong sa ina.

“A-akala ko po matutulad si Inay sa kapitbahay namin. N-namatay dahil sa panganganak. Natakot po talaga kami. Mabuti po, dumating kayo. Kaya salamat po,” patuloy ng bata.

May kung anong pumiga sa puso niya dahil sa sinabi nito. Hindi niya pa gaanong nare-review ang datos ng center. Pero base sa mga naririnig niya,



marami ang namamatay sa Concepcion dahil sa panganganak.

Paano na lang kapag wala na ulit doktor doon? Sino ang tatakbuhan ng mga tao lalo na at emergency? Sa ospital, marami ang gamit, sangkaterbang nurses at doktor ang magkatulong na inaasikaso ang mga pasyente. Pero sa malalayong lugar na kagaya ng Concepcion, walang inaasahan ang mga tao. Tanging awa ng Panginoon at himala.

Habang nagbibiyaha sila sakay ng maingay na pump boat sa katahimikan ng gabi, unti-unting lumiwanag sa kanya ang lahat. Kailangang-kailangan siya rito. Tama ang ama, it was not by chance kaya siya na-assign sa Concepcion. Tinawag siya ng tadhana para magsimula ng pagbabago at magdala ng kagalingan sa mga higit na nangangailangan.

Tinapunan niya ng tingin si Jake na saktong napatingin din sa kanya. Sa liwanag ng lampara, nagsalubong ang kanilang mga mata. May pumitik na kung ano sa kanyang dibdib.

*All right, tatapusin ko na lang ang one year contract at sisikapin kong makuntento sa kung ano'ng meron dito.*

Kung saan nanggaling ang conviction na iyon

sa kanyang kaibuturan, hindi alam ni Russia. Basta ang sigurado niya, Jake had something to do with her desire to stay.

---

Pasado alas doce na nang madala nila sa center ang bagong panganak. Inilagak ni Russia ang ginang sa prenatal room dahil walang ibang puwedeng puwestuhan. Umuwi siya saglit para magpalit ng damit at kumuha ng puwedeng tulugan sa center.

Munting ‘thank you’ lang ang nagawa niyang sabihin kay Jake dahil sa pagmamadali. Tanghaling tapat na siya nagising kinabukasan dahil sa pagod at puyat nang nagdaang gabi. Mabuti at walang dumating na ibang pasyente. Umuwi siya para maligo at kumain nang matiyak na stable ang mag-ina. Bukas ang bistro at bahay ni Jake pero hindi niya ito namataan. Muntik na siyang napasigaw nang sumulpot ito sa tagiliran niya.

“Nakakagulat ka naman!” nakadaklot sa dibdib na bulalas niya.

He was a refreshing sight, in a very dull noon. Mukha itong bagong paligo at bagay na bagay sa suot nitong maong at puting t-shirt na hapit sa katawan.

*By God, he is really good looking.*

But his next words blew her imagination away.

“Papaalalahanan lang kita, Doktora. Kung puwede sana, ang trabaho mo lang ang atupagin mo. Huwag kang nagpapakuwento ng personal na buhay ko kung kani-kanino,” walang gatol na sita nito.

Nabigla siya roon. Last night, they were so okay.

*What happened?*

“Saglit, wala akong—”

“Huwag ka nang magmaang-maangan. Maliit lang ang Concepcion. Mabilis umikot ang mga balita. Ayoko’yung ginagawang circus ang pamilya ko.”

“Sobra ka ’atang magparatang. Wala namang masamang nabanggit sa ’yo ang sinuman. If you think so highly of yourself dahil feeling mo sikat ka para pag-usapan, nagkakamali ka. Puwede ba, pagod ako. Sinasayang mo ang oras ko.” Sinabi niya iyon lahat nang hindi nag-iisip.

Sobrang na-offend siya na kinompronta siya ni Jake, gayong wala siyang maalala sa ibinibintang nito. At nabubuwisit siya sa sinomang nagparating dito na pinagkukuwentuhan nila ito sa center.

*Mga walang magawa. Barriotic talaga.*

*Lovingly Yours - Marianna Ruiz*

---

Nanggagalaiti pa rin siya habang palabas ng bahay. Sinadya niyang ibagsak ang gate.

*I'm not excusing his behavior kahit sobrang guwapo pa siya.*

Ni hindi man lang ito nangilag na pagsabihan siya nang ganoon.

*Huwag lang talaga siyang magkakamaling magkagusto sa akin in the near future! Ibabalibag ko talaga siya!*

Pero duda siya sa sarili kung iyon nga ang gagawin niya kung sakali.